



<b>Pamagat:</b> Patakaran sa Tulong-Pinansyal		
<b>Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa:</b> 07/01/16	<b>Petsa ng Pagsusuri:</b>	<b>Petsa ng Pagrebisa:</b>
<b>Business Unit ng MHC:</b> Revenue Cycle		
<b>Seksyon:</b> Access ng Pasyente		
<b>Nagbabantay:</b> Mga Direktor ng Revenue Cycle ng Korporasyon (Corporate Revenue Cycle Director)		
<b>Administratibong Responsibilidad:</b> Mga Rehiyonal na Direktor, Access ng Pasyente		

**1. Layunin**

1.1 Alinsunod sa mga pagpapahalaga ng McLaren Health Care (MHC), upang mapahusay ang kalusugan at kapakanan ng ating mga pasyente at upang makamit ang responsableng pagtataguyod ng tiwala ng publiko sa atin, magkakaloob tayo ng Tulong-Pinansyal para sa mga kwalipikadong pasyente.

Sa pagpapatupad ng patakarang ito, nilalayan at gagawin ng McLaren Health Care na sumunod sa Internal Revenue Code section 501 (r), Public Act 107, at sa lahat ng iba pang pederal, pang estado, at lokal na batas, panuntunan, at regulasyon na maaaring nalalapat sa mga aktibidad na isinasagawa bilang pagsunod sa patakarang ito.

**2. Saklaw**

2.1 Ang MHC, mga subsidiary nito, at mga sangay ng negosyo na pinapangasiwaan ng karamihan. Ang patakarang ito ay tumutukoy sa lahat ng taong nangangailangan ng mga serbisyo sa isang pasilidad ng MHC o mga entity na nagbibigay ng propesyonal na serbisyo na pag-aari ng MHC lang. Ang mga serbisyong ibinibigay ng mga hiwalay na provider ay hindi kasama sa mga probisyon ng patakarang ito. Pakitingnan ang Addendum 4.2 Mga Hindi Nasasaklawang Entity para sa listahan ng lahat ng provider na hindi nasasaklawan ng patakarang ito

**3. Patakaran**

3.1 Mag-aalok ang MHC sa mga pasyenteng walang insurance at sa mga pasyenteng maghahayag ng kawalan ng kakayahang magbayad ng mga gastusing labas sa insurance ng oportunidad na mag-apply para sa tulong-pinansyal hanggang 240 araw mula sa una nilang billing statement matapos ma-discharge. Magagamit lang ang tulong-pinansyal para sa mga serbisyong pang-emergency, para sa sakuna, at medikal na kinakailangan.

3.1.1 Upang ganap na makasunod sa EMTALA (Federal Emergency Medical Treatment and Active Labor Act), ang mga Pasyente ng MHC na nangangailangan ng serbisyo ng emergency room ay makakatanggap ng paggamot nang walang diskriminasyon anuman ang kanilang kakayahang makapagbayad. Hindi susubukan ng tauhan ng MHC na mangolekta ng anumang bayad mula sa mga pasyenteng humihingi ng mga serbisyong pang-emergency bago makatanggap ng pangangalaga. Hindi susubukan ng tauhan ng MHC na mangolekta ng anumang hindi pa nababayaranang balanse bago ang isang pagbisita sa emergency room.

3.1.2 Tumutukoy ang mga serbisyong medikal na kinakailangan sa mga serbisyo o supply sa pangangalagang pangkalusugan na tinukoy ng iyong doktor na kinakailangan upang

maiwasan, ma-diagnose, o magamot ang isang karamdaman, pinsala, kundisyon, sakit, o mga sintomas nito na nakakatugon sa mga tinatanggap na pamantayan ng medisina.

3.1.3 Hindi masasaklawan sa patakarang ito ang mga serbisyong maituturing na cosmetic o elective (kagustuhan lang).

3.2 Ang mga alituntunin sa tulong-pinansyal ay batay sa 200% ng mga Pederal na Alituntunin ng Kahirapan (Federal Poverty Guidelines - FPL) na inilathala taun-taon sa Pederal na Talaan. I-access ng mga itinalagang kawani ang Pederal na Talaan at ia-update nila ang mga alituntunin sa tulong-pinansyal taun-taon. Ang diskwento ay batay sa laki ng pamilya at taunang kita.

<u>Laki ng Pamilya</u>	<u>Hanggang 200% ng FPL</u>			<u>201% hanggang 300% ng FPL</u>			<u>301% hanggang 400% ng FPL</u>		
	<u>Min Kita</u>	<u>Max na Kita</u>	<u>Diskwento</u>	<u>Min na Kita</u>	<u>Max na Kita</u>	<u>Diskwento</u>	<u>Min na Kita</u>	<u>Max na Kita</u>	<u>Diskwento</u>
1	\$0	\$24,120	100%	\$24,121	\$36,180	75%	\$36,181	\$48,240	50%
2	\$0	\$32,480	100%	\$32,481	\$48,720	75%	\$48,721	\$64,960	50%
3	\$0	\$40,840	100%	\$40,841	\$61,260	75%	\$61,261	\$81,680	50%
4	\$0	\$49,200	100%	\$49,201	\$73,800	75%	\$73,801	\$98,400	50%
5	\$0	\$57,560	100%	\$57,561	\$86,340	75%	\$86,341	\$115,120	50%
6	\$0	\$65,920	100%	\$65,921	\$98,880	75%	\$98,881	\$131,840	50%
7	\$0	\$74,280	100%	\$74,281	\$111,420	75%	\$111,421	\$148,560	50%
8	\$0	\$82,640	100%	\$82,641	\$123,960	75%	\$123,961	\$165,280	50%

**\* Magdagdag ng \$4,180 para sa bawat indibidwal na lalampas sa bilang na walo (8)**

3.3 Maaaring humiling ng tulong-pinansyal ang mga pasyente at/o kinatawan ng pasyente para sa mga serbisyong natanggap na, o mga serbisyong nakaiskedyul na matanggap, sa pamamagitan ng pagkikipag-ugnayan sa Departamento ng Revenue Cycle ng MHC (Revenue Cycle Department) sa personal o sa pamamagitan ng pagsulat. Makipag-ugnayan sa aming mga Tagapayong Pampinansyal na matatagpuan sa isang ospital ng McLaren o tumawag sa 586-710-8300 o 1-844-321-1557. Available nang libre ang mga papel na kopya ng patakaran sa tulong-pinansyal, aplikasyon, at pinasimpleng buod sa lahat ng lokasyong ito, sa website ng MHC, pati na rin kung hihiling ng kopya sa pamamagitan ng sulat mula sa address sa ibaba. Available din ang mga nakasaling kopya sa website ng MHC.

McLaren Corporate Services  
Attn: Revenue Cycle Operations  
50820 Schoenherr Rd.  
Shelby Township, MI 48315

3.3.1 Hihilingin sa mga pasyente at/o kinatawan ng pasyente na sagutan ang Form ng Kahilingan para sa Tulong-Pinansyal (Addendum 4.1), at magbigay ng dokumentasyon upang suportahan ang impormasyon sa form.

3.3.1.1 Maaaring kasama sa hinihiling na impormasyon ang impormasyon tungkol sa demograpiko, mga pay stub, bank statement, pag-aari, buwanang gastos ng sambahayan, iba pang hindi pa nababayarang medikal na bayarin, at utang sa credit card ng pasyente.

3.3.1.2 Kung may matatanggap na hindi kumpletong aplikasyon, papadalhan ang pasyente ng nakasulat na abisong nagsasaad ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng McLaren at kung paano kumpletuhin ang aplikasyon.

- 3.4 Batay sa mga alituntuning nakasaad sa patakaran ito at sa impormasyong ibinigay sa Form ng Kahilingan para sa Tulong-Pinansyal, magsasagawa ng screening ang mga itinalagang empleyado sa mga indibidwal para sa tulong-pinansyal upang mapagpasyahan ang pagiging kwalipikado nila at maabisuhan ang pasyente/pamilya tungkol sa pagpapasyang ito.
- 3.5 Ilalapat ang mga naaangkop na diskwento sa Tulong-Pinansyal sa balanse ng pasyente pagkatapos ng pagpapasyang ito.
- 3.5.1 Susuriin ang mga bayarin ng mga pasyenteng maaaprubahan para sa Tulong-Pinansyal, sila man ay may insurance o wala, upang ang maging pinakamalaking pananagutan ng pasyente ay ang 'Halagang Karaniwang Sinisingil (Amount Generally Billed - AGB)' ng MHC, na average ng pinapahintulatang halaga ayon sa kontrata na natatanggap ng mga pasyente ng Medicare, Commercial, at Managed Care sa pamamagitan ng kanilang insurance. Tinatawag itong "Lookback Method" gaya ng tinutukoy ng mga alituntunin ng Affordable Care Act. Taunang kakalkulahin at ia-update ng MHC ang AGB. Para sa higit pang impormasyon kaugnay ng AGB ng lokasyon ng MHC kung saan ibinigay ang mga serbisyo ng pasyente, tumawag sa 586-710-8300 o 1-844-321-1557.
- 3.5.2 Ang mga pasyente ang mananagot para sa anumang balanseng kailangang bayaran na hindi nasasaklawan ng diskwento ng ito. Susundin ang mga karaniwang proseso sa pangongolekta upang mabayaran ang anumang natitirang utang. Sa pagkakataon ng hindi pagbabayad, pagkatapos lang ng 120 araw kasunod ng unang statement ng pasyente, at hindi mas aaga rito, maaaring kumilos ang MHC laban sa mga balanseng hindi nababayaran, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga hindi pangkaraniwang aktibidad sa pagkolekta (extraordinary collection activities - ECAs). Maaaring kabilang dito ang follow-up mula sa isang ahensya sa pangongolekta o abogado, na maaaring iulat sa Credit Bureau. Kung naglalayon ang MHC na sumabak sa ganitong mga pagkilos, magbibigay sila ng nakasulat na abiso at susubukan din nilang pasalitang abisuhan ang pasyente na available ang Tulong-Pinansyal. Sumangguni sa 'Patakaran sa Paniningil at Mga Pagkolekta.'
- 3.5.2.1 Sa pagkakataong makatanggap ang McLaren ng kumpletong aplikasyon para sa Tulong-Pinansyal habang nakasabak ang isang pasyente sa mga ECA, sususpindihin ang mga aktibidad na ito hanggang sa matukoy ang pagiging kwalipikado.
- 3.5.2.2 Kung may matatanggap na hindi kumpletong aplikasyon, sususpindihin ang mga ECA nang hindi bababa sa 30 araw pagkatapos matanggap ang hindi kumpletong aplikasyon, at papadalhan ang pasyente ng nakasulat na abiso nanagsasaad ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng McLaren at kung paano kukumpletuhin ang aplikasyon. Pagkatapos ng 30 araw, maaaring magpatuloy ang mga ECA.
- 3.6 Maaaring magbigay ng paunang tulong-pinansyal batay sa impormasyon ng ikatlong partido o dating pagpapasya kaugnay ng tulong-pinansyal.

#### **4. Addendum**

- 4.1 Form para sa Tulong-Pinansyal
- 4.2 Mga Hindi Nasasaklawang Entity
- 4.3 Patakaran sa Paniningil at Mga Pagkolekta